




MEDIATION

Ang Mediation (pamamagitan) ay alternatibong pamamaraan ng paglutas ng mga reklamo tungkol sa mga gawain at pag-asal ng pulisya. Tinutukoy ng DPA ang mga kaso kung saan posibleng makinabang ang mga partido mula sa harapang pag-uusap tungkol sa pangyayari na pinanggalingan ng reklamo. Kapag pumayag ang dalawang panig, ititigil ang proseso ng pag-iimbestiga at itinatakda ito para sa mediation kasama ang aming mga boluntaryong mediator na may pagsasanay.

Mga walang kinikilingan na ikatlong partido ang lahat ng mediator at may kasanayan at karanasan sila sa pagtulong sa mga tao na malutas ang kanilang mga problema sa pamamagitan ng nakabubuting paraan.



SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF POLICE ACCOUNTABILITY

1 So. Van Ness Ave., 8th Fl.
San Francisco, CA 94103
Phone: (415) 241-7711
Fax: (415) 241-7733
TTY: (415) 241-7770
Website: sfgov.org/dpa
Twitter: @SF_DPA

MGA DIREKSYON KUNG GAGAMIT NG PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON Mga pangunahing cross-street

Market St. at Van Ness Ave.
BART: Ilang bloke langmula sa Civic Center
BART Station
MUNI: Ruta 47 at 49, bumaba sa Van Ness
Ave. Para sa iba pang ruta ng MUNI,
tumawag sa 311.

MAY REKLAMO BA KAYO TUNGKOL SA PULISYA NG SAN FRANCISCO O GAWAIN NG PULISYA?



DPA

San Francisco Department of Police Accountability

DEPARTMENTOPARA SA PANANAGUTAN NG PULISYA, DPA

MISYON

Itinatag ang DPA noong 1983 ng susog na pinasimulan ng mga botante, at misyon nito ang pagkakaroon ng mabilis, patas, at walang kinikilingan na pag-iimbestiga ng mga reklamo laban sa San Francisco Police Department, paggawa ng mga rekomendasyon sa patakaran tungkol sa mga gawain ng pulisya, pag-iimbestiga ng mga pamamaril kung saan nasasangkot ang pulisya, at pagsasagawa ng pana-panahong pag-au-audit ng San Francisco Police Department.

MGA TUNGUHIN

Siguraduhin ang kaligtasan ng komunidad, pagbutihin ang pakikitungo ng komunidad at ng pulisya sa isa't isa, paggawa ng rekomendasyon sa patakaran tungkol sa mga gawain ng pulisya, at pagbibigay ng independiyenteng proseso ng pagsusuri.

ESTRATEHIYA

May independensiya ang DPA mula sa San Francisco Police Department, at binubuo ito ng mga sibilyan na diverse o galing sa iba't ibang pinagmulan at hindi kailanman naging pulis sa SFPD. Nagsasagawa ang DPA ng walang kinikilingan at masinsinan na imbestigasyon sa mga reklamo tungkol sa masasamang gawain at kakulangan sa serbisyo ng San Francisco Police Department nang nirerespeto ang mga karapatan ng lahat ng partido na nasasangkot. Bukod rito, bumubuo ang DPA ng tulay sa pagitan ng komunidad at ng San Francisco Police Department sa pamamagitan ng mediation at iba pang paraan para sa panunumbalik ng mga relasyon. Ipinapaalam ng DPA ang mga pagkabahala at pangangailangan ng komunidad sa Police Commission at iniuulat ito pabalik sa komunidad sa pamamagitan ng outreach.

SINO ANG MAAARING MAGSAMPA NG REKLAMO?

Kahit sino ay maaaring magsampa ng reklamo. Puwedeng isampa ang reklamo nang hindi nagpapakilala, sa pamamagitan ng ikatlong partido o ng nababahalang miyembro ng komunidad, ng tao na nakasaksi o nakaranas ng diumano'y masamang gawain ng SFPD, o ng hindi naninirahan sa San Francisco.

Puwede kayong magsampa ng reklamo

- anuman ang inyong edad.
- anuman ang inyong immigration status o katayuan ng pagiging migrante.
- kahit nakakulong kayo.
- kahit hindi kayo marunong magsalita ng Ingles.

Mayroong mga magagamit na serbisyo para sa interpretasyon at pagsasalin.

ILEGAL ANG PAGGANTI NG PULISYA DAHIL SA PAGESASAMPA NG REKLAMO!

KUNG ANO ANG MGA DAPAT ISAMA

Anuman o lahat ng mga sumusunod:

- ang inyong impormasyon para makontak ka.
- lugar, oras, at petsa ng insidente.
- pangalan ng pulisya at star # (kung alam).
- pangalan ng mga saksi at impormasyon para sa pagkontak.
- partikular na mga detalye, kasama na ang mga sinabi at gawain ng lahat ng nasasangkot.

Kung nasugatan o nasaktan kayo, isampa ang reklamo sa lalong madaling panahon upang makuha agad ang mga litrato at medikal na rekord.

MGA PARAAN UPANG MAGSAMPA NG REKLAMO

Online: Bisitahin at kumpletuhin ang form para sa pagrereklamo online <http://policecomplaints.sfgov.org>.

Sa Telepono: Tawagan ang aming opisina sa (415) 241-7711 | TTY (415) 241-7770.

Nang Personal o sa Koreo: Bisitahin ang aming opisina sa 1. So. Van Ness Ave. 8th Fl., San Francisco, CA 94103 upang makapanayam ang isa sa aming mga imbestigador sa araw din na iyon

Maaari ding ipadala sa Koreo ang mga form para sa pagrereklamo o mga sulat.

ANO ANG MANGYAYARI PAGKATAPOS KONG ISAMPA ANG REKLAMO?

Makikipag-ugnayan sa inyo ang tauhan ng DPA upang simulan ang imbetigasyon sa inyong kaso. Maaaring kasama rito ang pakikipanayam sa mga saksi at opisyal ng pulis, pagsusuri ng mga medikal na rekord, pagkuha ng litrato ng mga tao at pinangyarihan ng eksena, at pag-iipon, pag-iingat, at pagsusuri ng iba pang ebidensya.

Kapag napag-alaman na mayroong masamang gawain matapos ang pagsasampa ng reklamo, padadalhan ng report ang Hepe ng Pulisya para sa karagdagang aksiyon. Sa mga mas seryosong kaso, magsasampa ng kaso ang DPA sa Police Commission.